

Oral Repeated Reading at Audio-assisted Repeated Reading Bilang Interbensyon sa Kasanayan ng mga Mag-aaral sa Gawaing Pagbasa

Jame A. Valenia¹

ORCID No. 0000-0001-5392-7991

Maria Luz dela Saura-Calibayan¹

ORCID No. 0000-0002-5531-0968

Abstrak

Nilayon ng pag-aaral na ito na matukoy kung alin sa *audio-assisted repeated reading* at *oral repeated reading* ang higit na makatulong sa kasanayan ng mga mag-aaral sa Grade 7 kaugnay sa kawastuhan, bilis, at pag-unawa sa binasang teksto. Pinili ang mga mag-aaral na may markang *slow reader* nang isagawa ang *reading test*. Sinikap na sagutin ang mga sumusunod: (1) Matukoy ang antas ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa *pretest* hinggil sa kawastuhan, bilis, at pag-unawa bago isagawa ang interbensyon; (2) Matukoy ang antas ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa *posttest* hinggil sa kawastuhan, bilis, at pag-unawa pagkatapos isagawa ang interbensyon; (3) Matukoy kung may makabuluhang pagkakaiba sa *posttest* ng mga mag-aaral sa *audio-assisted repeated reading* at *oral repeated reading*; at (4) Matukoy kung alin sa *audio-assisted repeated reading* at *oral repeated reading* ang nakatulong upang mapaangat ang kasanayan sa pagbasa. Ginamit sa pag-aaral ang disenyong *quasi-experimental* bilang malayang pamimili ng mga kalahok sa estratehiyang gagamitin. Sa kuwantitatibong pamamaraan para sa pagsusuri sa resulta ng dalawang estratehiya, ginamit ang *normative comparison*. Samantalang sa kuwalitatibong pamamaraan kaugnay sa deskriptibong pagsusuri, ginamit ang *focus group discussion*. Natuklasan na mabisa ang *oral repeated reading* at *audio-assisted repeated reading* dahil napaangat nito ang kawastuhan at bilis sa pagbasa ng mga mag-aaral. Makasasabay na sila sa lahat ng paksa na nangangailangan ng pagbasa sakaling tuloy-tuloy ang kanilang pag-unlad. Kaya naman, iminumungkahi na gamitin ito bilang interbensyon upang tugunan ang iba pang mag-aaral na may kahinaan sa kasanayang pagbasa.

Mga susing salita: Audio-assisted repeated reading, interbensyon, oral repeated reading, pagbasa

Ang pagbasa ayon sa aklat ni Pacay (2016) na sinabi ni Villafuerte (2011) ay isa sa mga pangunahing kakayahan at disiplina na dapat na taglayin ng kabataan hindi lamang para sa pag-aaral kundi maging sa pagpapaunlad ng kaniyang kakayahang

pagsulat – akademik, pampamamahayag man o malikhain. Sinusuportahan ito ng *Department of Education* (DepEd) sa pamamagitan ng *Every Child a Reader Program* na naglalayong gawing isang mambabasa at isang manunulat sa bawat

¹ University of Southern Mindanao

antas ng grado ang bawat batang Pilipino. Sa pamamagitan ng *Bureau of Learning Delivery-Teaching and Learning Division* (BLD-TLD) ng DepEd, patuloy itong mangangasiwa sa pagtatasa ng *Revised Philippine Informal Reading Inventory* (Phil-IRI) sa mga mag-aaral sa pampublikong mga paaralan sa buong bansa na sinimulan noong Taong Panuruan 2018-2019. Kaya naman, kinikilala ng mga edukador na upang maging matagumpay ang mga mag-aaral, kinakailangan nilang maging matatas na mambabasa sa kanilang mga sarili. Ang isang sinaliksik na estratehiya na nanaig sa maraming edukador ay ang *repeated reading* upang mapaangat ang katatasan sa pagbabasa ng mga mag-aaral. Dagdag pa nito, ang *repeated reading* ay may malaking katibayan sa parehong pag-uugali at pag-iisip na gawain upang mapaunlad ang katatasan sa pagbasa ng mga mag-aaral (Williams *et al.*, 2009).

Ang paulit-ulit na pagbabasa ay isang gawain upang basahin ang parehong teksto nang paulit-ulit hanggang sa walang mga mali ang ginagawang pagbabasa. Ang estratehiya na ito ay maaaring gawin nang paisa-isa o di kaya'y pangkatan. Ang pamamaraan na ito ay orihinal na nakatuon para sa mga mag-aaral na may kahinaan sa kanilang pag-aaral hanggang matanto ng mga tagapagturo na lahat ng mag-aaral ay maaaring makinabang sa estratehiyang ito.

Ang *repeated reading* ay isang estratehiya na ginamit bilang interbensyon kung saan ang mga mag-aaral ay magbabasa ng *reading passage* nang maraming beses. Sa pag-aaral na isinagawa nina Kostewicz at Kubina (2011), pitong mag-aaral na may kahirapan sa pagbabasa ang binigyan ng *reading passage* mula sa *science* at pinabasa nang paulit-ulit hanggang sa maabot nila ang kinakailangang bilis. Gamit ang *repeated reading* na interbensyon, naabot

ng mga mag-aaral ang katatasan sa pagbasa gamit ang apat na sunud-sunod na *reading passage* na nagpakita ng pagtaas sa *word correct per minute (WCPM)*, napababa ang mga kamalian, at napaangat ang pasalitang pagbasa.

Sa paglalarawan tungkol sa *repeated reading* maraming pananaliksik ang nagpapatunay sa epekto nito sa gawaing pagbasa. Una, ang paulit-ulit na pagbabasa ay nakapagpapahusay sa bilis ng pagbasa. Pangalawa, binabawasan nito ang mga kamalian sa pagkilala ng mga salita. Pangatlo, pinapaangat nito ang pag-unawa sa binasa at ang pang-apat ay hinihimok nito ang mga mag-aaral na magbasa. Bilang patunay, sina Savaiano at Hatton (2013) at Al Jaffal (2014) ay nagsagawa ng pananaliksik tungkol sa *repeated reading* na parehong ginamitan ng *single subject design*. Lumabas sa pananaliksik na ang *repeated reading* bilang estratehiya ay nakatulong sa bilis at katatasan sa pagbasa ng mga mag-aaral na kalahok sa pag-aaral.

Ang paulit-ulit na pagbabasa at ang pakikinig sa tekstong binabasa ay nagsimula pa noong dekada 70. Sa artikulo ng *Rainbow Reading*, si Chomsky ay nagpatupad ng *audiotaped reading system* sa isang walong taong gulang na mag-aaral na ang antas ng pagbabasa ay mababa ng dalawang taon sa baitang na kanyang pinapasukan. Sa loob ng sampung buwan na gawain, ang katatasan at pag-unawa sa binasa ng mag-aaral ay napaunlad. Binanggit pa ni Chomsky na bumaba ang pagsasawalang-bahala ng mag-aaral sa gawaing pagbasa. Napataas nito ang tiwala sa kanyang sarili at nagsimulang kumuha ng mga bagong aklat na kanyang nagustuhan.

Ipinaliwanag niya na sa pagsasagawa ng *audio-assisted repeated reading* ang mga mag-aaral ay nagbabasa habang may naririnig na *audio* ng tekstong binabasa na

maaaring nakalagay sa *tape* o *cassette*. Ang mga mag-aaral ay hindi lamang nakikinig ng *audio* sa gawaing ito kundi sinusundan nila ang mga tekstong nakasulat sa pahinang kanilang hinahawakan. Dagdag pa ni Chomsky, nakikilahok ang mga mag-aaral sa pamamagitan ng pagsunod sa tekstong pinakikinggan at muling pagbasa. Ang paggamit ng ganitong modelo ay tinutulungan ang mga mag-aaral na makaugnay at mabasa ang mga salitang para sa kanila ay may kahirapang basahin nang mag-isa.

Ipinahayag ni Rasinski (2015) na ang paggamit ng *audio-assisted reading* ay maaaring maging matagumpay sa mga may kahirapan sa pagbasa upang pataasin ang kanilang kompyansa at kasanayan sa pagbasa. Sa pamamagitan nang paulit-ulit na pagbasa sa isang napiling teksto habang sabay na nakikinig sa teksto sa pamamagitan ng isang *audio device*, maaari silang matulungan upang mapabuti ang awtomatikong pagkilala ng salita, antas ng pagbasa, ang kanilang pagbigkas at pagpapahayag (Lewin, 2002).

Sa pag-aaral na isinagawa nina Chang at Millett (2015), kanilang sinuri ang kabisaan ng *audio-assisted* sa bilis at pag-unawa sa binasa. Animnapu't apat na mag-aaral mula sa ikasampung baitang ang isinailalim sa *silent reading* at *audio-assisted reading* sa loob ng dalawampu't anim na linggo. Bawat linggo ang mga mag-aaral ay gumugugol ng siyamnapung minuto para sa gawain. Ang mga mag-aaral ay nagbasa ng dalawampung teksto ayon sa kanilang antas. Sampung teksto para sa unang gawain at sampung teksto naman para sa pangalawang gawain. Isinagawa ang *pretest*, *posttest*, at isang *posttest* ulit pagkatapos ng tatlong buwan na gawain. Lumabas sa resulta na naging epektibo ang parehong estratehiya upang pahusayin ang bilis at pag-unawa sa

binasang teksto ng mga mag-aaral.

Naniniwala ang mga mananaliksik na higit ang pagkatuto ng isang mag-aaral kapag nakikilala at nabibigkas niya ang mga nakalimbag na salita sapagkat ang kasanayang pagbasa ang pinakaunang yugto ng pagkatuto ng sinumang mag-aaral. Gamit ang estratehiyang *audio-assisted repeated reading* at *oral repeated reading*, tutulungan ang mga mag-aaral na mapaunlad ang kanilang kawastuhan, bilis, at pag-unawa sa binasang teksto upang sila ay makasabay sa antas na kanilang kinabibilangan.

Layunin ng Pagaaral

Pangkalahatang layunin ng pag-aaral na ito na matukoy kung alin sa *audio-assisted repeated reading* at *oral repeated reading* ang higit na makatulong sa kasanayan ng mga mag-aaral kaugnay sa kawastuhan, bilis, at pag-unawa sa binasang teksto. Sinikap na sagutin ang mga sumusunod: (1) Matukoy ang antas ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa *pretest* hinggil sa kawastuhan, bilis, at pag-unawa bago isagawa ang interbensyon; (2) Matukoy ang antas ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa *posttest* hinggil sa kawastuhan, bilis, at pag-unawa pagkatapos isagawa ang interbensyon; (3) Matukoy kung may makabuluhang pagkakaiba sa *posttest* ng mga mag-aaral sa *audio-assisted repeated reading* at *oral repeated reading*; at (4) Matukoy kung alin sa *audio-assisted repeated reading* at *oral repeated reading* ang nakatulong upang mapaangat ang kasanayan sa pagbasa.

Batayang Teoretikal

Ang *oral repeated reading* ay sumasandig sa *automaticity theory* nina LaBerge at Samuels (1974) na sinasabing ang isang matatas na mambabasa ay madaling

nababasa ang teksto at malaya itong nauunawaan. Ngunit bago ito matamo, kinakailangan muna nang matinding pagsasanay upang lubusang makilala ang mga salita at maunawaan ang kahulugan nito. Kaya naman ginamit ang *oral repeated reading* upang paulit-ulit na babasahin ng mag-aaral ang isang teksto upang maitatak ito sa kaniyang utak nang sa gayon ay madali niya na lamang itong makilala kapag binasang muli sapagkat naikintal na ito sa kaniyang isipan.

Ang *audio-assisted repeated reading* ay umaangkla naman sa teorya ni Vygotsky na *socio-cultural theory*. Ipinapahayag sa teoryang ito na ang pag-aaral o pagkatuto ay nangangailangan ng *scaffolding* o paggabay sa mag-aaral ng isang taong mas mahusay sa isang partikular na kasanayan ayon kay Bender (1999) sa pananaliksik ni Esteves (2007). Nang lumaon, pinalawak ng mga teorista ang papel ng *scaffolding* sa personal na pag-alalay sa pagkatuto tungo sa paggamit ng mga aklat, teknolohikal na kasangkapan, at pang-agham na kagamitan ayon naman kina Hung at Nichami (2002) at McLoughlin at Oliver (1998) sa pananaliksik pa rin ni Esteves (2007). Kaya naman, sa bahagi ng *audio-assisted repeated reading*, ginamit ang isang *audio recording* para sa mga tekstong ginamit bilang *scaffold* sa gawaing pagbasa ng mga mag-aaral upang mayroon silang gabay kung paano ito basahin ayon sa wastong bilis at wastong pagbigkas hanggang sila ay masanay.

Metodolohiya

Ang pag-aaral na ito ay ginamitan ng disenyong *quasi-experimental method*. Ang *oral repeated reading* at *audio-assisted repeated reading* ay parehong ginamit sa mga kalahok ng pag-aaral. Walang pagpili para sa *control group* at *experimental group* sapagkat ang mga kalahok ay binigyan ng

pagkakataong mamili ng pangkat na kanilang salihan. Ginamit ang *normative comparison* bilang kwantitatibong pamamaraan para sa pagsusuri sa resulta ng *oral repeated reading* at *audio-assisted repeated reading*. Samantalang *focus group discussion* naman ang ginamit para sa kwalitatibong pamamaraan sa deskriptibong pagsusuri ng pagbibigay interpretasyon sa mga sagot ng mga mag-aaral sa mga katanungan. Ginamit ang tugon ng mga mag-aaral upang ilarawan ang resulta ng sinuring datos kung nagkaroon ng kaugnayan ang *repeated reading* at *audio-assisted repeated reading* sa kawastuhan, bilis, at pag-unawa sa binasang teksto.

Isinagawa ang pag-aaral sa Matalam High School na matatagpuan sa Poblacion, Matalam, Cotabato. Ang mga kalahok sa isinagawang pag-aaral ay mga mag-aaral na nasa ikapitong baitang ng nasabing paaralan na may markang *slow reader* sa isinagawang *reading test* noong araw ng *enrolment* at nanatiling *slow reader* hanggang sa kasalukuyang markahan. Ang mga materyal na ginamit sa pag-aaral ay sampung teksto mula sa aklat ng ikapitong baitang. Ang mga nasabing teksto ay ginamit sa kabuoan ng pag-aaral. Binubuo ito ng maikling kuwento, balita, editorial, sanaysay at mga panuto o pamamaraan na makikita sa mga aklat ng ikapitong baitang.

Ang mga kalahok ay hinati sa dalawang pangkat. Malaya silang namili kung saan nila nais mapabilang upang matiyak na panatag ang kanilang loob hanggang sa dulo ng pag-aaral. Kusa silang nakibahagi at walang pagpipilit na naganap. Ang dalawang pangkat na ito ay sumailalim sa dalawang (2) yugto ng gawain. Para sa unang pangkat, isinagawa ang *oral repeated reading* bilang unang yugto ng gawain. Ang teksto ay tatlong beses na paulit-ulit na binasa ng mga mag-aaral. Sa ikalawang yugto, ginamit ang estratehiyang *audio-*

assisted repeated reading. Pinakinggan ng mga mag-aaral ang isang *audio* habang sinasabayan nang tahimik na pagbasa ang kopya ng teksto. Pagkatapos mapakinggan at masabayan ang *audio*, ang mga mag-aaral na lamang ang nagbasa sa teksto bilang panghuling gawain sa ikalawang yugto.

Sa ikalawang pangkat naman, para sa unang yugto, ginamit ang estratehiyang *audio-assisted repeated reading*. Para sa ikalawang yugto, isinagawa naman ang estratehiyang *oral repeated reading*. Parehong proseso ang pinagdaanan ng ikalawa at ng unang pangkat para masukat ang kabisaan ng interbensyon. Upang matukoy ang bilis sa pagbasa, ginamit ang *Oral Reading Fluency* na hinalaw mula kay Rasinki (2004) sa kaniyang aklat na *Assessing Reading Fluency*. Sinuri naman ang kawastuhan at pag-unawa ng mga mag-aaral sa binasang teksto gamit ang rubrik mula sa *Philippine Informal Reading Inventory (Phil-IRI)*. Ang mga nabuong tanong bilang pagsusulit sa bawat babasahing teksto ay ibinatay sa *Bloom's Taxonomy*. Ang pagsusulit ay binubuo ng walong katanungan. Tatlo (3) sa antas na pag-alaala, dalawa (2) sa pag-unawa at tig-iisang (1) tanong sa paglalapat, pagsusuri, at pagtataya. Ginamit din ang nabuong mga tanong pagkatapos masuri ang resulta ng pag-aaral para sa *focus group discussion* upang matukoy ang epekto ng *repeated reading* sa kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral.

Para sa istatistikang ginamit, ang mga datos ay sinuri gamit ang *t-test for dependent samples* upang suriin ang kawastuhan, bilis, at pag-unawa sa *pretest* at *posttest* ng mga kahalok. Ginamit naman ang *t-test for independent samples* upang suriin ang kaugnayan ng resulta sa *audio-assisted repeated reading* at *oral repeated reading*.

Haypotesis


H_{01} : Walang makabuluhang kaugnayan ang *oral repeated reading* at *audio-assisted repeated reading* sa kawastuhan, bilis, at pag-unawa ng mga mag-aaral na may kahinaan sa pagbasa.

H_{02} : Wala sa *oral repeated reading* at *audio-assisted repeated reading* ang nakatulong upang mapaangat ang kawastuhan, bilis, at pag-unawa sa binasa ng mga mag-aaral na may kahinaan sa pagbasa.

Balangkas ng Pag-aaral

Figyur 1

Iskima ng Paradaym ng Pag-aaral



Resulta ng Pag-aaral

Makikita sa talahanayan 1a ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa *pretest* hinggil sa kawastuhan sa pagbasa bago isinagawa ang interbensyon.

Batay sa resulta, ang *audio-assisted repeated reading* ay may labindalawa (12) o 42.86% ang nasa *frustration level*, labintatlo (13) o 46.83% ang nasa *instructional level*, at mayroon namang tatlo (3) o 10.71% ang nasa *instructional level*. Samantalang sa resulta ng *oral repeated reading*, labintatlo (13) o 46.43% ang nasa *frustration level*, labintatlo rin (13) o 46.43% ang nasa *instructional level*, at may dalawa (2) o

7.14% ang nasa *independent level*.

Talahanayan 1a

Antas ng Kasanayan ng mga Mag-aaral sa Pretest Hinggil sa Kawastuhan sa Pagbasa

| Reading Level | Audio-Assisted | | Oral Repeated | |
|---------------------------|------------------|---------|------------------|---------|
| | Frequency (n=28) | Percent | Frequency (n=28) | Percent |
| Independent (97 - 100%) | 3 | 10.71 | 2 | 7.14 |
| Instructional (90 - 96%) | 13 | 46.43 | 13 | 46.43 |
| Frustration (89% & below) | 12 | 42.86 | 13 | 46.43 |

Sa kabuoang resulta sa *pretest*, lumabas na karamihan sa mga mag-aaral ay nasa *instructional level* sa *audio-assisted repeated reading* at *oral repeated reading* na nangangahulugang nababasa nila nang wasto ang mga nakalimbag na salita sa *reading passage* kahit wala pang interbensyon na nagaganap. Dahil dito, hindi gaanong kinakitaan ng problema ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral hinggil sa kawastuhan sa pagbasa.

Ang Talahanayan 1b ay nagpapakita ng antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa *pretest* hinggil sa bilis sa pagbasa bago isinagawa ang interbensyon.

Talahanayan 1b

Antas ng Kasanayan ng mga Mag-aaral sa Pretest Hinggil sa Bilis sa Pagbasa

| Reading Level | Audio-Assisted | | Oral Repeated | |
|---------------------------|------------------|---------|------------------|---------|
| | Frequency (n=28) | Percent | Frequency (n=28) | Percent |
| Independent (130 above) | - | - | - | - |
| Instructional (120 - 129) | 1 | 3.57 | 1 | 3.57 |
| Frustration (119 & below) | 27 | 96.43 | 27 | 96.43 |

Batay sa resulta, ang *audio-assisted repeated reading* ay may dalawampu't pito (27) o 96.43% ang nasa *frustration level* at may isa (1) o 3.57% ang nasa *instructional level*. Samantala, sa resulta naman ng *oral*

repeated reading ay may dalawampu't pito (27) o 96.43% ang nasa *frustration level* at may isa (1) o 3.57% ang nasa *instructional level*. Nangangahulugan lamang na ang bilis ng pagbasa ng mga mag-aaral sa *pretest* ay nasa *frustration level*. Dahil sa antas na ito, ang mga mag-aaral ay mayroon lamang 119 pababa na mga salitang kayang basahin sa loob ng isang minuto na higit na mababa sa 130 *words count per minute* na dapat nilang bilis sa pagbabasa. Ang magiging bunga nito ay hindi matatapos basahin ng mag-aaral ang tekstong ibinigay sa takdang oras na magreresulta naman sa hindi ganap na pag-unawa sa kabuoang diwa ng teksto na makaapekto rin sa kaniyang pagsagot sa mga tanong. Maituturing na salik sa bilis ng pagbasa ng isang mag-aaral ang kawalan ng konsentrasyon, hindi napaunlad ang talasalitaan, mahinang pamamaraan sa pagbasa, at hindi napaunlad na sistema ng pagbabasa ng mga babasahin ayon na rin sa pag-aaral ni Congos (2011) na inilabas ng University of Central Florida noong 2017.

Ipinapakita sa talahanayan 1c ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa *pretest* hinggil sa pag-unawa sa binasa bago isinagawa ang interbensyon.

Talahanayan 1c

Antas ng Kasanayan ng mga Mag-aaral sa Pretest Hinggil sa Pag-unawa sa Binasa.

| Reading Level | Audio-Assisted | | Oral Repeated | |
|---------------------------|------------------|---------|------------------|---------|
| | Frequency (n=28) | Percent | Frequency (n=28) | Percent |
| Independent (80 - 100%) | - | - | - | - |
| Instructional (59 - 70%) | 13 | 46.43 | 5 | 17.86 |
| Frustration (58% & below) | 15 | 53.57 | 23 | 82.14 |

Batay sa resulta, ang *audio-assisted repeated reading* ay may labinlima (15) o 53.57% ang nasa *frustration level* at may labintatlo (13) o 46.43% ang nasa *instructional level*. Samantala, sa resulta

naman ng *oral repeated reading* ay may dalawampu't tatlo (23) o 82.14% ang nasa *frustration level* samantalang lima (5) o 17.86% ang nasa *instructional level*. Sa kabuoang resulta, ang antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa binasang teksto sa *pretest* ay nasa *frustration level*. Ibig sabihin nito, nasa 58% pababa lamang ang pag-unawa ng mga mag-aaral bago isinagawa ang interbensiyon. Nakikilala nila ang mga salita ngunit hindi nila nauunawaan ang kanilang binabasa. Ayon sa pananaliksik ni Almutairi (2018), sinabi nina Clarke *et al.* (2013) na ang mga mag-aaral ay nangangailangan ng pag-unawa sa binasa upang matagumpay nilang matapos ang kanilang layunin at inaasahan sa pag-aaral na kinakailangan sa kalagayan ng silid-aralan. Ang pagtagumpay sa akademiko ay kinakailangan ng mga mag-aaral na maunawaan, masuri, at magamit ang mga kaalamang nakuha mula sa kanilang binasa. Dagdag pa nila, ang kahalagahan ng makaunawa sa binasa ay pinapataas ang kaugnayan sa lahat ng larangan habang ang mag-aaral ay lumilipat mula sa una hanggang sa susunod na baitang.

Ang talahanayan 2a ay nagpapakita ng antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa *posttest* hinggil sa kawastuhan sa pagbasa gamit ang *audio-assisted repeated reading* at *oral repeated reading* bilang interbensyon.

Talahanayan 2a

Antas ng Kasanayan ng mga Mag-aaral sa Posttest Hinggil sa Kawastuhan sa Pagbasa

| Reading Level | Audio-Assisted | | Oral Repeated | |
|---------------------------|------------------|---------|------------------|---------|
| | Frequency (n=28) | Percent | Frequency (n=28) | Percent |
| Independent (97 - 100%) | 7 | 25.00 | 8 | 28.57 |
| Instructional (90 - 96%) | 13 | 46.43 | 15 | 53.57 |
| Frustration (89% & below) | 8 | 28.57 | 5 | 17.86 |

Batay sa resulta, ang *audio-assisted repeated reading* ay may walo (8) o 28.57% ang nasa *frustration level*, labintatlo (13) o 46.43% ang nasa *instructional level*, at pito (7) o 25.00% ang nasa *independent level*. Samantala, sa resulta ng *oral repeated reading* ay lima (5) o 17.86% ang nasa *frustration level*, labinlima (15) o 53.57% ang nasa *instructional level*, at walo (8) o 28.57% ang nasa *independent level*. Sa kabuoang resulta sa *posttest*, kahit na nabawasan ang bilang ng mga kalahok sa *frustration level* at nagdagdagan naman ang bilang ng mga kalahok sa *independent level*, ang antas ng mga kahalok hinggil sa kawastuhan sa pagbasa gamit ang *oral repeated reading* at *audio-assisted repeated reading* sa *posttest* ay nanatiling nasa *instructional level*. Ngunit makikita na mas mataas ang pag-unlad ng mga mag-aaral sa *oral repeated reading* na ayon sa pag-aaral na isinagawa ni Samuels (1979) tungkol dito, maliwanag na ang pamamaraang *oral repeated reading* ay pinapahusay ang bilis sa pagbasa at nababawasan nito ang mga kamalian sa pagkilala sa mga salita.

Matutunghayan sa talahanayan 2b ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa *posttest* hinggil sa bilis sa pagbasa gamit ang *oral repeated reading* at *audio-assisted repeated reading* bilang interbensyon.

Talahanayan 2b

Antas ng Kasanayan ng mga Mag-aaral sa Posttest Hinggil sa Bilis sa Pagbasa

| Reading Level | Audio-Assisted | | Oral Repeated | |
|---------------------------|------------------|---------|------------------|---------|
| | Frequency (n=28) | Percent | Frequency (n=28) | Percent |
| Independent (130 above) | 10 | 35.71 | 6 | 21.43 |
| Instructional (120 - 129) | 3 | 10.71 | 6 | 21.43 |
| Frustration (119 & below) | 15 | 53.57 | 16 | 57.14 |

Batay sa resulta, ang *audio-assisted repeated reading* ay may labinlima (15) o 53.57% ang nasa *frustration level*, tatlo (3) o 10.71% ang nasa *instructional level*, at sampu (10) o 35.71% ang nasa *independent level*. Samantala, sa resulta naman ng *oral repeated reading*, may labing-anim (16) o 57.14% ang nasa *frustration level*, anim (6) o 21.43% ang nasa *instructional level*, at anim din (6) o 21.43% ang nasa *independent level*.

Sa kabuoan, kahit nadagdagan ang bilang ng mga mag-aaral sa *frustration level* at nadagdagan ang bilang ng mga mag-aaral sa *instructional level*, at may umabot na ilang mag-aaral sa *independent level*, marami pa rin sa mga mag-aaral ay nasa *frustration level* kahit ginamitan na ng *audio-assisted repeated reading* at *oral repeated reading*. Maaaring ang mga mag-aaral na ito ay hindi pa sanay sa pagbasa ng pangalawang wika na ayon na rin sa kongklusyon ni Obiegbu (2018) sa kaniyang pag-aaral na ang mga mag-aaral ay may kahinaan sa pagbasa sa pangalawang wika sapagkat hindi nila kabisado ang kahulugan at estrukturang gramatikal ng teksto. Kaya naman, magiging apektado pa rin ang kabuoang pagkatuto ng isang mag-aaral kapag mabagal siyang magbasa.

Sa talahanayan 2c ay makikita ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa posttest hinggil sa pag-unawa sa binasa gamit ang *audio-assisted repeated reading* at *oral repeated reading* bilang interbensiyon.

Batay sa resulta, ang *audio-assisted repeated reading* ay may siyam (9) o 32.14% ang nasa *frustration level*, labing-anim (16) o 57.14% ang nasa *instructional level*, at tatlo (3) o 10.71% ang nasa *independent level*. Samantala, sa resulta ng *oral repeated reading* ay may siyam (9) o 32.14% ang nasa *frustration level*. Mayroon namang labing-apat (14) o 50.00% ang nasa *instructional level* samantalang lima (5) o 17.86% ang

nasa *independent level*.

Talahanayan 2c

Antas ng Kasanayan ng mga Mag-aaral sa Posttest Hinggil sa Pag-unawa sa Binasa.

| Reading Level | Audio-Assisted | | Oral Repeated | |
|---------------------------|------------------|---------|------------------|---------|
| | Frequency (n=28) | Percent | Frequency (n=28) | Percent |
| Independent (80 – 100%) | 3 | 10.71 | 5 | 17.86 |
| Instructional (59 – 70%) | 16 | 57.14 | 14 | 50.00 |
| Frustration (58% & below) | 9 | 32.14 | 9 | 32.14 |

Sa kabuoang resulta, umangat ang kasanayan sa pag-unawa sa binasa ng mga mag-aaral mula sa *frustration level* tungo sa *instructional level*. Ibig sabihin nito, umangat sa 59-70 na bahagdan ang pag-unawa sa binasa ng mga mag-aaral pagkatapos isagawa ang *audio-assisted repeated reading* at *oral repeated reading*. Nangangahulugan lamang na naging mabisa ang isinagawang interbensyon upang mapaangat ang kasanayan sa pag-unawa ng mga mag-aaral na may kahinaan sa pagbasa.

Ang resulta ng pag-aaral na ito ay sinang-ayunan ng pag-aaral nina Guiamalon et. al. (2014) na naging epektibo ang *repeated reading* bilang estratehiya upang paunlarin ang pag-unawa ng mga mag-aaral na nasa ikapitong baitang. Sinusuportahan din nina Savaiano at Hatton (2013) sa ginawa nilang pag-aaral gamit ang *single-subject*. Lumabas na napaunlad ng *repeated reading* bilang interbensyon ang pasalitang pagbasa ng dalawa sa tatlong kalahok at ang pag-unawa ng tatlong kalahok na may kapansanan sa paningin. Naging epektibo rin sa may katandaan ng mga mag-aaral sa sekundaya ang *repeated reading* upang sukatin ang kanilang pag-unawa ayon kay Freeland et. al. (2000). Hindi katulad sa tahimik na pagbasa, na ang pagbasa nang malakas gamit ang *repeated reading* ay

Talahanayan 3

Pagkakaiba ng Kawastuhan, bilis, at Pag-unawa sa Binasa sa Posttest ng mga Mag-aaral sa Audio-assisted Repeated Reading at Oral Repeated Reading

| Reading Skill | Group | n | Mean | Std. Deviation | Mean Difference | t | df | Prob |
|---------------|-------|----|--------|----------------|-----------------|---------------------|----|------|
| Kawastu-han | Audio | 28 | 91.60 | 6.49 | -1.20 | -.738 ^{ns} | 54 | .464 |
| | Oral | 28 | 92.80 | 5.60 | | | | |
| Bilis | Audio | 28 | 112.07 | 27.92 | -3.64 | -.528 ^{ns} | 54 | .599 |
| | Oral | 28 | 115.71 | 23.47 | | | | |
| Pag-unawa | Audio | 28 | 62.50 | 15.96 | -2.23 | -.517 ^{ns} | 54 | .607 |
| | Oral | 28 | 64.73 | 16.33 | | | | |

ns – not significant at .05 level

nakapagpaangat sa antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral.

Makikita sa Talahanayan 3 ang pagkakaiba sa kawastuhan, bilis, at pag-unawa sa binasa ng mga mag-aaral na may kahinaan sa pagbasa pagkatapos maisagawa ang *oral repeated reading* at *audio-assisted repeated reading* bilang interbensiyon.

Sa kawastuhan sa binasa, ang mga kalahok sa *audio-assisted repeated reading* ay may *mean score* na 91.60 samantalang sa *oral repeated reading* ay 92.80. Sa bahaging ito, mas mataas ng 1.20 ang *oral repeated reading* kumpara sa *audio-assisted repeated reading*. Ang *t-value* na 0.738 na may *p-value* na 0.464 ay mas mataas sa itinakdang 0.05 *level of significance*. Ipinapahiwatig ng datos na ito na walang pagkakaiba sa kawastuhan sa pagbasa ng mga mag-aaral gamit ang *oral repeated reading* at *audio-assisted repeated reading*. Nangangahulugan lamang na parehong nakapagpapaangat ng kawastuhan sa pagbasa alinman sa *oral repeated reading* at *audio-assisted repeated reading* ang gamitin bilang interbensyon.

Sa bilis sa pagbasa, ang mga kalahok sa *audio-assisted repeated reading* ay may *mean score* na 112.07 samantalang sa *oral repeated reading* ay 115.71. Sa bahaging ito, mas mataas ng 3.64 ang *oral repeated*

reading kumpara sa *audio-assisted repeated reading*. Ang *t-value* na 0.528 na may *p-value* na 0.599 ay mas mataas sa itinakdang 0.05 *level of significance*. Ipinapahiwatig nito na walang pagkakaiba sa bilis ng pagbasa ng mga mag-aaral gamit ang *oral repeated reading* at *audio-assisted repeated reading*. Nangangahulugan lamang na alinman sa *oral repeated reading* at *audio-assisted repeated reading* ay nakatutulong sa pagpapaangat ng bilis sa pagbasa ng mga mag-aaral.

Sa pag-unawa sa binasa, ang mga kalahok sa *audio-assisted repeated reading* ay may *mean score* na 62.50 samantalang sa *oral repeated reading* ay 64.73. Sa bahaging ito, mas mataas ng 2.23 ang *oral repeated reading* kumpara sa *audio-assisted repeated reading*. Ang *t-value* na 0.517 na may *p-value* na 0.607 ay mas mataas sa itinakdang 0.05 *level of significance*. Ipinapahiwatig ng datos na ito na walang pagkakaiba sa pag-unawa sa binasa ng mga mag-aaral gamit ang *oral repeated reading* at *audio-assisted repeated reading*. Nangangahulugan lamang na mabisang gamitin ang *oral repeated reading* at *audio-assisted repeated reading* para mapataas ang antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral.

Bilang kabuoan batay sa resulta ng

posttest, parehong mabisang gamitin ang *oral repeated reading* at *audio-assisted repeated reading* bilang interbensyon sa pagpapahusay ng kawastuhan, bilis, at pag-unawa sa binasa ng mga mag-aaral na may kahinaan sa pagbasa. Kung kaya, ang unang palagay o haypotesis na walang makabuluhang kaugnayan ang *oral repeated reading* at *audio-assisted repeated reading* sa kawastuhan, bilis, at pag-unawa ng mga mag-aaral na may kahinaan sa pagbasa ay hindi tinanggap sapagkat nagkaroon ng makabuluhang kaugnayan ang *oral repeated reading* at *audio-assisted repeated reading* sa kawastuhan, bilis, at pag-unawa ng mga mag-aaral na may kahinaan sa pagbasa.

Ang Talahanayan 4 ay nagpapakita ng pagkakaiba sa *gain score* ng kawastuhan, bilis, at pag-unawa sa binasa sa *posttest* ng mga mag-aaral sa *audio-assisted repeated reading* at *oral repeated reading*.

Talahanayan 4

Pagkakaiba ng Gain Score sa Kawastuhan, Bilis, at Pag-unawa sa Posttest ng mga Mag-aaral sa Audio-assisted Repeated Reading at Oral Repeated Reading

| Reading Level | Audio-Assisted | | Oral Repeated | |
|---------------------------|------------------|---------|------------------|---------|
| | Frequency (n=28) | Percent | Frequency (n=28) | Percent |
| Independent (80 – 100%) | 3 | 10.71 | 5 | 17.86 |
| Instructional (59 – 70%) | 16 | 57.14 | 14 | 50.00 |
| Frustration (58% & below) | 9 | 32.14 | 9 | 32.14 |

Sa kawastuhan sa binasa, ang mga kalahok sa *audio-assisted repeated reading* ay may *mean score* na 2.36 samantalang sa *oral repeated reading* ay 4.49. Sa bahaging ito, mas mataas ng 2.13 ang *oral repeated reading* kumpara sa *audio-assisted repeated reading*. Ang *t-value* na 1.741 na may *p-value* na 0.087 ay mas mataas sa itinakdang 0.05 level

of *significance*. Nangangahulugan lamang na walang pagkakaiba sa *gain score* ng mga mag-aaral na ginamitan ng *audio-assisted repeated reading* at *oral repeated reading*. Ibig sabihin nito, parehong epektibong gamitin ang *audio-assisted repeated reading* at *oral repeated reading* upang pahasayin ang kawastuhan sa pagbasa ng mga mag-aaral na may kahinaan sa pagbasa.

Hinggil naman sa bilis ng pagbasa, ang mga kalahok sa *audio-assisted repeated reading* ay may *mean score* na 22.14 samantalang sa *oral repeated reading* ay 22.93. Sa bahaging ito, mas mataas ng 0.79 ang *oral repeated reading* kumpara sa *audio-assisted repeated reading*. Ang *t-value* na 0.187 na may *p-value* na 0.853 ay mas mataas sa itinakdang 0.05 level of *significance*. Nangangahulugan lamang na walang pagkakaiba ang bilis ng pagbasa ng mga mag-aaral sa *audio-assisted repeated reading* at *oral repeated reading* batay sa kanilang *gain score*. Ibig sabihin nito, parehong epektibong gamitin alinman sa *audio-assisted repeated reading* at *oral repeated reading* upang pahasayin ang bilis ng pagbasa ng mga mag-aaral na may kahinaan sa pagbasa.

Sa pag-unawa sa binasa, ang mga kalahok sa *audio-assisted repeated reading* ay may *mean score* na 12.50 samantalang sa *oral repeated reading* ay 21.88. Mapapansin na mas mataas ng 9.38 ang *oral repeated reading* kumpara sa *audio-assisted repeated reading*. Ang *t-value* na 2.208 na may *p-value* na 0.032 ay mas mababa sa itinakdang 0.05 level of *significance*. Nangangahulugan lamang na naging epektibo ang ginamit na interbensyon, ngunit ipinakita sa resulta na may bahagyang pag-angat sa pag-unawa ng mga mag-aaral na ginamitan ng estratehiyang *oral repeated reading*. Pinatunayan ito sa pag-aaral nina Guiamalon *et al.* (2014), na ang *oral repeated reading* ay

mabisang estratehiya sa pagpapahusay ng pag-unawa ng mga mag-aaral. Sa kabilang banda naman sumasalungat ang resultang ito sa isinagawang pag-aaral nina Chang at Millet (2015), na higit na nakapagpaangat ang *audio-assisted repeated reading* sa pag-unawa ng mga mag-aaral na nasa ikasampung baitang ng antas sekundarya.

Para naman sa mga kasagutan ng mga mag-aaral batay sa isinagawang *focus group discussion*, mas mabisa ayon sa kanila ang *oral repeated reading* lalo na sa pag-unawa sa binasa. Dagdag pa nila, higit nilang nauunawan ang teksto kapag ang binanggit na estratehiya ang ginamit. Mas mainam na sila lamang ang nagbabasa at walang napakinggang *audio* na ginagamit sapagkat mas komportable silang magbasa at nababalikan nilang basahin ang mga salita. Pagdating sa pagsusulit, mas nauunawaan nila ang mga tanong at natutukoy ang wastong sagot kapag *oral repeated reading* ang ginamit sapagkat tumatatak sa kanilang isipan ang bawat detalye ng tekstong kanilang binasa nang walang *audio* na ginagamit.

Sa kabuoan, parehong epektibong gamitin ang *audio-assisted repeated reading* at *oral repeated reading* upang pahasayin ang kawastuhan, bilis, at pag-unawa ng mga mag-aaral na may kahinaan sa pagbasa. Samakatuwid, ang pangalawang palagay o haypotesis na wala sa *oral repeated reading* at *audio-assisted repeated reading* ang nakatulong upang mapaangat ang kawastuhan, bilis, at pag-unawa sa binasa ng mga mag-aaral na may kahinaan sa pagbasa ay hindi tinanggap sapagkat natugunan ng *oral repeated reading* at *audio-assisted repeated reading* na paangatin ang kawastuhan, bilis, at pag-unawa sa binasa ng mga mag-aaral na may kahinaan sa pagbasa.

Kongklusyon at Rekomendasyon

Napatunayan sa pag-aaral na ito na marami sa mga mag-aaral ang mabagal magbasa at mababa ang antas ng pag-unawa subalit sa tulong ng *oral repeated reading* at *audio-assisted repeated reading* napaangat nito ang kasanayan ng mga mag-aaral hinggil sa kawastuhan, bilis at pag-unawa sa binasa. Sa tulong ng *oral repeated reading* mas napaangat nito ang pag-unawa ng mga mag-aaral. Maiuugnay ito sa naging tugon nila sa ginawang *focus group discussion* na mas pabor sila kapag *oral repeated reading* ang gamitin sapagkat nababalikan nilang basahin ang ibang salita kapag nagkamali. Sa kabuoan, napahuhusay ang kawastuhan, bilis, at pag-unawa sa binasa ng mga mag-aaral na may kahinaan sa pagbasa kapag ginamit ang dalawang estratehiyang nabanggit bilang interbensyon sa gawaing pagbasa lalo na sa mga mag-aaral na *slow readers* upang makaagapay sila sa antas o baitang na kanilang kinabibilangan. Dagdag pa, kaya na nilang makipagsabayan sa ibang mag-aaral kapag napahusay ang kanilang kasanayan sa pagbasa.

Bilang rekomendasyon, dapat bigyang-pansin ng mga guro ang mga mag-aaral na kakikitaan ng kahinaan sa kasanayang pagbasa upang makasabay sila sa kanilang kaklase. Sa mga magulang, maaari nilang gamitin ang estratehiyang ito sa kanilang tahanan upang masubaybayan at mapagyaman pa ang gawaing pagbasa ng kanilang anak. Sa mga namamahala naman ng paaralan, maaaring magsagawa ng programa para sa mga mag-aaral sa lahat ng antas hinggil sa pagpapabasa nang sa gayon ay walang batang mapag-iwanan dahil lahat sila ay napahusay ang kasanayan sa pagbasa. Para sa mga mag-aaral na mahusay na ang kasanayan sa pagbasa, maaari nilang tulungan ang kanilang kaklase gamit ang

mga estratehiya sa pag-aaral na ito bilang pagpapakita ng pagsuporta upang sila ay matuto. Makatutulong ang pagbibigay ng *remediation* tulad ng paggamit ng *oral repeated reading* at *audio-assisted repeated reading* at iba pang mga gawain o pagsasanay na tunay na makalinang sa kawilihan o interes ng mga mag-aaral na magbasa nang sa gayon ay lalo pang mapataas ang kanilang kakayahan sa pagbasa nang may pag-unawa.

Talasanggunian

- Al Jaffal, F. (2014). *The effect of repeated reading strategy on oral reading fluency of a fourth grade student with reading difficulties*. OER Commons. https://scholarworks.uaeu.ac.ae/cgi/viewcontent.cgi?article=1112&context=all_theses
- Almutairi, N. R. (2018). *Effective reading strategies for increasing the reading comprehension level of third-grade students with learning disabilities*. OER Commons. <https://scholarshorks.wmich.edu/cgi/viewcontent.cgi?article=4212&context=dissertations>
- Chang, A. C., & Milett, S. (2015). Improving reading rates and comprehension through audio-assisted extensive reading for beginning learners. *ScienceDirect*, 52, 91-102. <https://doi.org/10.1016/j.system.2015.05.003>
- Congos, D. H. (2011). Starting out in community college. OER Commons. https://sarcoline.sdes.ucf.edu/wp-content/uploads/sites/19/2017/07/Identifying_Problems_That_Lead11.pdf
- Esteves, K.J. (2007). Audio-assisted reading with digital audiobooks for upper elementary students with reading disabilities. OER Commons. https://digitalcommons.butler.edu/coe_papers/78/
- Freeland, J.T., Skinner, C. H., Jackson, B. McDaniel, C.E., & Smith, S. (2000). Measuring and increasing silent reading comprehension rates: Empirically validating a repeated readings intervention. *Psychology in the Schools*, 37(5), 415-429. <https://psycnet.apa.org/record/2000-02451-002>
- Guiamalon, B. H. K., Apostol, A. G., & Alilaya, J. E. (2014). *Repeated reading: Its effect to the comprehension level of the Grade 7 students of Lumayong High School*.
- Kostewicz, D. E., & Kubina, R. Jr. M. (2011). *Building science reading fluency for students with disabilities with repeated reading to a fluency criterion*. <https://centralreach.com/wp-content/uploads/2019/04/2011-Kostewicz-and-Kubina.pdf>
- LaBerge, D., & Samuels, S. J. (1974). Toward a theory of automatic information processing in reading. *Cognitive Psychology*, 6(2), 293-323. <https://psycnet.apa.org/record/1974-29172-001>
- Lewin, C. (2002). Exploring the effects of talking books software in UK primary classrooms. *Journal of Research in Reading*, 23(2), 149-157. <https://onlinelibrary.wiley.com/doi/abs/10.1111/1467-9817.00111>
- Obiegbu, I. R. (2018). *Reading errors in second language learners*. <https://journals.sagepub.com/doi/abs/10.1177/2158244018792973>
- Pacay, W.L. (2016). *Pagbasa at pagsusuri ng*

iba't ibang teksto tungo sa pananaliksik. K-12 compliant worktext for the senior high school. JFS Publishing Services.

Rainbow Reading. *The research base of audio-facilitated reading.* <http://www.rainbowreading.org.nz/wp-content/uploads/2017/08/Research-Base-of-Audio-Assisted-Reading-003.pdf>

Rasinski, T. V. (2004). Assessing reading fluency. OER Commons. Retrieved April 4, 2018, from <https://files.eric.ed.gov/fulltext/ED483166.pdf>

Rasinski, T. V. (2015). Effects of repeated reading and listening-while-reading on reading fluency. *The Journal of Educational Research*, 83(3), 147-151. <https://www.tandfonline.com/doi/abs/10.1080/00220671.1990.10885946>.

Samuels, J. (1979). The method of repeated readings. [https://communityreading.org/documents/Samuels\(1979\)reprint_Repeated_Reading.pdf](https://communityreading.org/documents/Samuels(1979)reprint_Repeated_Reading.pdf)

Savaiano, M. E., & Hatton, D. D. (2013). Using repeated reading to improve reading speed and comprehension in students with visual impairments. *Journal of Visual Impairment & Blindness*, 107(2), 93-106. <https://eric.ed.gov/?id=EJ1008205>.

Williams, J. C., Klubnik, C. & McCall, M. (2009). Three versus six rereadings of practice passages. *Journal of Applied Behavior Analysis*, 42(2), 375-380. <https://www.ncbi.nlm.nih.gov/pmc/articles/PMC2695344/>